

PROLOGUE

Nang sabihin ng doktor sa mga magulang ni Megumi, na may sakit ang anak nila sa puso, hindi nakita ni Megumi ang pag-iyak nila. Wala ang bata sa kuwartong iyon, wala rin sa siwang ng pinto upang sumilip at marinig ang tadtad ng sayantipikong paliwanag ng babaeng doktor ukol sa kondisyon niya.

Nang mga pagkakataong iyon, marahil ay nakasilip siya sa likod ng isang teleskopyo, nasa likuran niya si Caspian, nagkukwento tungkol sa stardust.

Pagkuwa'y may isang batang magbibitiw ng isang sikil na iyak sa isang silid, puputok ang labi nito at durugo iyon. Si Michael ang bata, na siyang maghahatid kay Megumi upang makita ang mga bituin.

1

Unang nagkakilala sina Megumi at Caspian nang minsang mahulog ang makapal na librong hawak ni Megumi sa kama ng hospital. Kahit bata pa siya, may suot na siyang makapal na salamin. Isinuksok niya muna nang maayos ang kawit ng salamin sa magkabilang tainga bago siya tumungo upang kunin ang libro.

Ang ikalawang chronicles sa installment ng *Narnia* ang binabasa niya. *Prince Caspian*, iyon ang titulo ng libro.

Pagbabasa lang ang tanging nagpapasaya sa musmos niyang isip, wala siyang kalaro, hindi siya pinapayagang makipaglaro, dahil madali siyang mapagod at hingalin.

Nang ibaba niya ang ulo, nakita niya ang batang nakasuksok sa ilalim ng kanyang kama.

Nanlaki ang mga mata ng batang lalaking iyon, nag-paste agad sa labi ang isang hintuturo. Huwag daw maingay ang batang babae.

“Hinahabol ako ng kampon ni *White Witch*...” mahina nitong dagdag, itinaas ang umiilaw na

laruang light saber na mas mukhang akma sa *Star Wars*.

Sa gulat ay napatili ang batang si Megumi, napa-landing sa sahig kasabay ng pagkahulog ng salamin niya.

“Hoooy!” tawag nito sa kanya. “Huwag mo ’kong isusumbong kay Michael, sige na—”

Napatayo si Megumi at hintakot na napaderetso sa pintuan ng silid niya sa hospital na iyon. Wala ang nars, pati na ang mga magulang niya. Nagtaka siya kung paano nakapasok ang bata sa kanyang silid. Nahagip ng mga mata niya ang nakaawang na di-gaanong kataasang malaking bintana sa may kaliwang parte ng silid, nasa duluhan ng kama niya. May nakausling sanga ng puno ng bayabas doon. Nakita niya ang ilang dahon ng bayabas sa puting sahig sa silid. Paanong hindi niya iyon napansin kanina? Magsasalita na sana siya nang may isang maliit na ulo na dumungaw sa bintana.

“Narito ba ang prinsipeng ng *Narnia*?!” magiting na pag-bark ng isang boses.

Hindi niya masyadong maaninag ang mukha ng bata, pero hindi siya napatili. Kalmado niyang nahagip ang ilaw mula sa wumawagayway na light

saber sa ilalim ng kama niya.

“W-wala... wala dito, ang prinsipe ng *Narnia*. Umalis ka na!” pagtataray niya. Isang minuto pa, narinig ni Megumi ang pag-rustle ng ga-milyong dahon. Lumukso na nga pababa ng puno ang batang nanungaw sa bintana niya. “Sino ka?! Ba’t ka pumasok sa kuwarto ko?” demand niya sa batang nasa ilalim ng kama kanina.

Bilang reply, isinuot muna ng batang lalaki sa mga mata niya ang nahulog niyang salamin kanina.

“Ako ang prinsipe ng *Narnia*...” Nag-flash ang isang malaking ngiti sa mukha ng bata. “At bilang ganti sa kabutihan mo at pag-iwas sa masasamang kampon, ipapakita ko sa ’yo ang pintuan patungo sa lugar ng kaharian ko mamaya.”

Napayuko ito, nag-curtsy na animo’y isang kawal sa harap ng reyna. At mabilis pa kay *Flash* nang mapalipad sa gilid ng kama niya, maliksing itinuntong ang hita sa pader at daig pa ang *Ninja Turtle* sa pagkunyapit at tayo sa nakaawang na bintana, inabot ang sanga ng bayabas na napakalapit pala sa bintanang iyon, at nawala ito na parang bula sa paningin niya.

Iwinagayway ni Megumi ang maliit niyang ulo,

sumabay ang mahaba at hanggang baywang niyang tuwid at maitim na buhok. Hindi siya makapaniwalang totoong binisita siya ng karakter sa librong binabasa niya.

Nang gabing iyon, nang makausap ng doktor ang mga magulang ni Megumi ay naiwan sa kuwarto niya ang bata. Nag-iisip ang bata kung kailan siya ulit bibisitahin ng prinsipeng iyon, kung guni-guni lang ba niya ito, o talaga bang may isa pang batang sumungaw sa bintana niya na alagad nga raw ni *White Witch*.

It was like walking into a fairytale, a dreamland.

Isang minuto pa, may iniluwa ang siwang ng pintuan niya. Ngunit sa pagtataka ni Megumi, hindi ito ang batang nakita niya kanina. Iba ang hitsura ng bata, nakasimangot ito sa kanya nang sipulan siya.

“Alipin ako ngayon ng prinsipe dahil natalo ako sa digmaan kanina. At ngayon, ipinasusundo niya ang prinsesa para pumunta sa kaharian ng *Narnia* at ng kalawakan!”

May siyam na taon ang batang lalaki, walo naman si Megumi. Marahil ito ang dumungaw sa bintana kanina na hindi na niya naaninag. Ito siguro ang alagad ni *White Witch* na ngayon ay alipin na ni

Caspian.

Inayos ni Megumi ang kama niya. Mabuti na lamang at walang nakakabit na dextrose sa kanyang kamay ngayon. Malaya siyang makakatakas. Lumapit siya sa bata na nakabusangot pa rin ang mukha.

“Delikado ang misyong ito, mapanganib. Kaya ako ang inutusan ni Caspian upang sunduin ka. Makinig ka lang sa 'kin. Una, hindi ka dapat sisigaw o titili o iiyak. Kung gusto mong sumama, dapat nakasunod ka lang sa 'kin. Nakahawak ka dapat sa—” Itinaas ng batang may malalalim at magagandang tsokolateng mga mata ang palad. Hindi tulad ni Caspian, moreno ito... ngunit kasing-tangkad lang din ng lalaki. “Nakahawak ka lang sa akin. May tatlong mga dragon pa tayong dapat takasan.”

Dragon. Ano naman kaya iyon? Nalukot ang mukha ni Megumi, nag-isip kung maniniwala sa bata.

“P’ano naman ako makakasiguradong ipinadala ka nga ng mahal na prinsiphe para kunin ako?” Itinaas niya ang baba. Hindi dapat siya basta-bastang naniniwala sa mga kalaban.

“Simple lang iyon!” Animo’y nagbago ang ekspresyon ng bata sa hamon niya, listong may inabot sa likod na bulsa ng brown pants nito. Ibinigay

nito sa kanya ang isang kapirasong coupon bond. Sa malalaking scrawlings ay may sulat-kamay na nakabalandra sa may tatsa ng tsokolateng coupon bond.

Michael,

*Sunduin mo ang prinsesa sa kuwarto.
Pakakasalan ko siya.*

Caspian

“Pakakasalan niya ’ko?!” Nanlaki ang medyo singkit na mga mata ni Megumi, na mukhang malaki lang dahil sa malaki niyang glasses. “Hindi ako magpapakasal sa hindi ko kilala!”

“Aba’yewan ko. Kung ako iyon, di kita pakakasalan. Kasi sa tingin ko, hindi ka naman maganda,” komento ng bata.

Tuloy mabilis niyang binawi ang ibibigay sanang kamay sa batang lalaki. Napalingon sila sa siwang ng pintuan at nadinig ang papalapit na mga yabag.

“Shooo! Umalis ka na,” nakasimangot na taboy ni Megumi. “Stay away—” Ngunit bago pa man niya

maisarado ang pinto upang mabilisang bumalik sa kama niya at sa nakasanayan niyang libro ay pahablol nang hinila ng bata ang kanyang kamay.

“Halika na! Hahabulin tayo ng unang dragon!”

“A-ah, t-teka!” Napalingon siya nang tuluyan na silang makalabas ng kuwarto niya.

Nasa malawak na silang hallway sa linya ng mga kuwartong iyon, natanaw niya ang nars na may dalang tray.

“Dali na!” sabi ng bata.

At halos mamutla sila nang itaas ng nars ang ulo nito at nasulyapan sila.

Nagpalipat-lipat ang titig ni Megumi sa nars at sa batang hawak-hawak nang mahigpit ang kamay niya ngayon.

“M-Michael?!” gulat na sabi ng malusog na nars na mukhang nakaamoy na naman ng kung anong kapahamakan.

Mas nagitla ang nars nang masulyapang si Megumi ang kasama ni Michael, na mismong alaga nito sa shift na iyon. Ngunit bago pa man makapagsalitang muli ang nars, nakakaripas na ng takbo ang dalawa.

“S’an ba tayo?!” hiyaw ni Megumi kay Michael na mahigpit na hawak ang kamay niya.

Kumakaripas sila ng takbo at hindi na niya alam kung ilang hallways at nurse stations na ang nadaanan nila at kung ilang paliku-likong daanan na ang natawid nila.

Sa pagtataka ni Megumi, mukhang kabisado talaga ng bata ang pasikot-sikot ng hospital! Nasa hagdanan na sila nang madaanan nila ang nagmamop na janitor, suwabeng napailag ang kumakaladkad sa kanyang bata. Walang nagawa si Megumi kundi sumabay sa liksi ng mga paa ng kasama.

“M-Michael!” singhap ng matandang lalaking napatingin sa kanila. Napakamot ito ng ulo. Nadinig ng matanda ang pagtawag ng isang nars.

“Naku! Manong, Manong! Pakihabol naman po si Michael. Dala niya ’yung pasyente ko ngayon!” Nabitiwan ni Manong ang mop.

Hingal ang nars na nasa ibabang parte ng hagdan, sapo ang dibdib at iiling-iling ang ulo.

“Ang ikalawang dragoooon ay narito naaaaaaa!” sigaw ni Michael na nagpabuka ng bibig ni Megumi.

Nadama niya ang pagdoble ng liksi ng batang

lalaki. Naghahabol na sila ng hininga. Gusto niyang umiyak nang madama ang biglaang paninikip sa gitna ng dibdib niya na ngayon lang niya nadama. Hawak niya ang dibdib nang lingunin siya ng bata at utusan siyang mas bilisan pa, tumango na lamang siya.

Muntik na siyang mapatili nang sa isang iglap pa ay tatama na sana ang mukha niya sa poste, pero humulagpos ang kapit niya sa batang lalaki dahil namamawis ang kanilang mga kamay.

Gaano ba kalayo ang kaharian ng *Narnia*?!

Mabuti na lamang at hindi talaga nauntog ang mukha niya sa animo’y posteng iyon na naghihiwalay sa dalawang magkasalungat na hallway at nang bago pa man madikit ang mukha niya sa poste ay maliksing nasungkit na ng kamay ng bata ang collar ng kanyang maluwang na puting bestida. Saglit silang naupo, hawak na ulit ng bata ang kamay niya.

Nangambang kumawala ang luha sa mga mata ni Megumi. Nakadama siya ng takot. Paano na lang ang papa at mama niya? Baka pagalitan siya mamaya? Naku.

“Shh... Huwag na huwag kang iiyak—” bantang paalala ng bata, napakunot. “Sinabi ko naman sa iyo, hindi madali itong misyon ko. Kelangan kitang dalhin

kay Caspian. S-sige na...” Tinapik siya ng bata, bilang daplis na pag-alo.

Isang segundo pa, maingat nilang binagtas ang tahimik na hallway na iyon, mukhang nalingat nila si Manong Janitor dahil wala nang sumusunod.

“At ngayon...” mahinang seryosong singhap ng bata, “ang ikatlong dragon...”

Bumungad sa mga paningin nila ang isang napakataas na hallway. Isang madilim na madilim na hallway. Ang ikatlong dragon.

“Ang sabi noon ni Papa, maraming mumu dito. Mga sunog na mumu... Inabandona na ito dalawang taon na, aayusin ito para wala nang mumu...” bulong ni Michael sa hangin.

Hindi alam ni Megumi kung bakit bigla siyang nakadama ng panlalamig o kung bakit biglang nagtayuan ang balahibo niya sa likod ng leeg. Mukhang nakakatakot nga ni humakbang ng isa sa hallway na iyon.

“At para marating mo ang dulo na iyon, ang pintuan ng hagdan patungong rooftop, kelangan nating lakarin ang hallway na iyan. Ipikit mo ang mga mata mo kung takot ka at hawakan mo ang kamay ko nang mabuti,” masusing instruksyon ng bata.

Stardust In Her Heart - Autumn Castillo

Mula sa malamlam na ilaw buhat sa mapusyaw na fluorescent sa di-kalayuan ay inaninag ni Megumi ang mukha ng bata. Napansin niyang maganda ang mga mata nito, na dagli pa'y minatahan na siya.

“Huwag kang tumitingin sa akin,” nakasimangot na sabi nito, “dahil pakakasal ka sa iba, 'no!” Bumalik ang kunot sa noo nito.

Napangiwi si Megumi. Nang sandaling iyon, hindi niya alam kung bakit sumama pa siya sa batang asungot na mayabang! Nalimutan ba niyang sinabihan siya nitong pangit kanina?!

Ngunit sa huli, muli niyang ibinalik ang tuon sa madilim na hallway. Hindi niya alam kung bakit sa tingin niya, ang pagtakbo sa hallway na iyon ang magtatanggal ng paninikip ng dibdib niya. Ang tanging alam lang niya, nang ialay niya ang kamay sa batang lalaki at mahigpit siya nitong hawakan ulit, nakadama siya ng kapanatagan. Alam niyang masusupil nila ang ikatlong dragon!

“Isa... dalawa... tatlo!” bulong ng bata.

Inihanda nila ang kanilang mga paa. Takot si Megumi sa dilim. Hindi siya nakakatulog na patay ang ilaw sa kuwarto niya. Ipinikit niya ang mga mata.

“Takbo!” Malaya silang kumarera salungat sa

hangin.

Narinig niya ang malusog na pagtawa at paghiyaw ng bata at ang pagsipol nito kasabay ng hangin. Gumaan nang saglit ang pakiramdam niya, kasabay ng malayang pagtibok ng puso, na walang rendang humaharang. Masarap sa pakiramdam, at tuluyang nawala ang paninikip ng dibdib niya.

Nang marating nila ang pinto, maagap na binitiwang ng bata ang kamay niya.

“Buksan mo ang pinto, akyatin mo ang hagdan at makikita mo si Caspian. Ngayon, mababali na ang kaparusahan, at babalik na ako sa kampon ng kaaway.” Hindi niya ito maaninag sa dilim na iyon at papasalamatan na sana niya ito nang mapabuka ang labi ni Megumi nang madama ang mainit na paghalik nito sa pisngi niya. “Hanggang dito na lang, Prinsesa...” Sumunod doon ang mga tunog ng mga yabag ng maliliit na paa palayo sa kanya.

Nang marating ni Megumi ang huling baitang ng hagdan, natagpuan nga niya ang isang kaharian. Hindi iyon puno ng nyebe tulad ng nasa *Narnia*, pero umiihip doon ang malamig na hangin. Madilim ngunit maliwanag, dahil may buwang nakasabit sa

langit, kasama ng milyun-milyong bituing mga anak nito.

“Wow...” manghang usal niya.

Nadinig niya ang isang malakas na sipol. Mula sa isang dambuhalang teleskopyo, naaninag niya ang pulang ilaw mula sa isang light saber.

Si Caspian. Napatakbo siya sa lokasyon nito. Maputi ang bata, kulutan ang may pagka-chestnut na buhok. Hindi tulad ng tsokolate, maitim ang bilog na mga mata nito.

“Mabuti at dinala ka ni Michael. Ngayon ay nabasag na ang kanyang sumpa at kaparusahan.” Napatikhim ang bata, kalkulado ang galaw, at kahit musmos pa ay alam mong lalaking magalang at gentleman. Siyam na taon din ito, tulad ni Michael.

“May tanong ako. Prinsipe ka ba talaga?” Nagugulumihanang napapuwesto si Megumi sa likod ng bata. Bigla niyang naalala ang mainit na bagay na iyon na dumapo sa pisngi niya kanina. “A-at anong kaparusahan? Bakit mo pinarusahan ang bata kanina?”

“May kasalanan si Michael sa akin. Kanina, ang kasama mo, hindi si Michael kundi si Aslan. Ang parusa niya ay maging si Aslan muna. Halika.”

Inakay siya nito sa tinatayuan nitong estante, kung saan tamang-tamang naitatapat nila ang mata sa dulohan ng halatang lumang teleskopyong nakaayos sa rooftop na iyon.

Aslan. Kilala niya ang pangalan. Kaya pala kahit sa tingin niya ay napipilitan lamang ang batang lalaking iyon ay prinotektahan pa rin siya nito at dinala sa bungad ng *Narnia*.

Si Aslan ang matapang na leon sa kuwento. He was the guardian, the protector, ang pinakamakapangyarihan sa lahat sa *Narnia*, ang totoong hari. Dumungaw siya sa teleskopyo.

“Pakakasalan mo ’ko?” inosente niyang tanong sa bata.

Itinuro nito ang bilog na dulohan ng teleskopyo. Inuutusan siyang sumilip.

“Nakikita mo ba ang kumpol ng napakaraming bituin sa malayo?” tanong ng bata. “Sa layo nila, hindi mo na sila makikita bilang bituin...” The child seemed to be transported into a dreamy trance. “... sa sobrang layo, para na lamang silang mga alikabok. Stardust ang tawag sa alikabok na nakikita mo...”

Napukaw ang nahihimbing na atmospera sa hospital nang kumalembang ang stretcher sa hallway.

“Ako po ang may kasalanan! Ako po!” sinok ng lalaking batang may hawak ng light saber na tumatakbo habol ang stretcher. “Ako po talaga!” Nang hindi na mahabol ang stretcher ay naiwang nakatulala na lamang si Caspian sa hallway ng ward na iyon.

Nasapo ni Michael ang pisngi niya. Klarong-klarong gustong humikbi ng bata ngunit pilit iyong sinisikil. Parang sukang ini-uugom mo o parang sipong ayaw mong patuluin kahit basang-basa, iyon ang klase ng hikbing ayaw niyang pakawalan.

“H-hindi ko naman po kasalanan, Papa...” sa wakas ay mahina niyang usal, mabilis na sinapo ang pumutok na labi niya. Nalasaan ng bata ang dugo.

Nang mahuli siya kanina—matapos mabalitaan ang pagsugod muli sa isang batang babae sa ward—ay isang mabilis na pagngudngod lang sa mesa ng director ang kailangan upang matabig ng mukha ng bata ang animo’y salamin kung saan naka-engrave ang pangalan ng papa niya. Natamaan ang gilid ng labi ng bata.

“Ako, ako, Michael, ang general director ng hospital na ito!” pagpupuyos ng lalaking malapit na sa cuarenta ang edad. “Binigay ’to sa atin ni Papa, kahit gusto na niya kong itaboy noon, dahil sa ’yo! Pumapayag na ’kong isama ka sa hospital para hindi ka mainip sa bahay. Di ba sabi ko ’wag kang lalayo sa Tita Viola mo? Pero ano’ng ginawa mo? Ipinahamak mo ang apelyido natin sa halos pagpatay mo sa isang pasyente!”

Tuluyang lumabo ang paningin ng batang si Michael. His eyes were clouded with tears na ayaw niya ring pakawalan. Ayaw niyang maging mahina sa paningin nito, sa amang halos siyam na taon nang sinasabi sa kanyang isa lamang siyang malaking pagkakamali.

Itinaas niya ang mukha niya. “Sinabi ko na, Papa, hindi ako ang may kasalanan!” sigaw ng bata at napasinghot. Padabog siyang lumabas ng kuwarto.

Isang minuto pa, may hawak nang ice pack si Michael. Nasa bench siya ng hospital. Katabi niya si Caspian na tahimik na umiiyak.

2

Makalipas ang pitong taon...

“At sa gabing iyon ay nagising ang prinsesa, pinukaw siya ng magiting na leon, at dinala sa kaharian kung saan niya makikita ang prinsipe,” magiliw na pagpapatuloy ni Megumi sa pagkukwento sa kumpulan ng mga bata sa kuwartong iyon.

Sa dulo ng silid, nakatanaw sa kanya si Tita Viola, ang espesyalistang doktor sa puso, habang nakatayo at nakamasid ang isang lalaki sa likuran nito.

“Ano ho ang pangalan ng prinsipe?” tanong ng isang bata na nagtaas pa ng kamay.

“Caspian, Caspian ang pangalan ng prinsipe, at ang leon naman ay si Aslan...” nakangiting sagot niya, at ipinagpatuloy ang kwento.

Sinabi niyang nakarating na siya sa *Narnia* ngunit umuwi siya sa Planetang Earth upang tuparin ang misyon niya. Ipinadala siya ng prinsipe upang sabihin sa mga batang huwag silang susuko, magpagaling sila at kumain ng masusustansyang pagkain. Pag ginawa ng mga bata iyon—at lagi silang ngingiti—ay gagaling ang mga puso nila, at balang-araw ay

makakadalaw sila sa sari-sarili nilang kaharian.

Pagkatapos ay tumayo na siya nang palibutan na siya ng yakap ng mga bata. Mga batang katulad din niya, na musmos pa lamang ay may mabigat nang dinadala sa dibdib.

“You did well, Megumi...” ani Tita Viola. Tinapik ng doktor ang balikat niya.

Naging kaibigan na ito ng pamilya Israel. Makaraan ang ilang taong pagpapabalik-balik niya sa hospital ay naging malapit na nga sa kanya at sa pamilya niya ang ina ng naging napakalapit niyang espesyal na kaibigang si Caspian.

Halos best friend na niya ang binata. Sa pinapasukang high school, laging ito ang kasabay niya. Hinihintay nitong matapos ang klase niya. Sabagay, magkatabi kasi ang subdivision nila at sabay na silang umuuwi tuwing hapon.

Alam ng mga kaibigan nila na laging kakabit ng pangalang Megumi ang Caspian at vice versa. Tampulan sila ng tukso, ng papuri, lalo na ng mga lubos na nakakakilala sa kanila sa hospital. Ang prediksyon ng lahat, sila ang magkakatuluyan.

“Naku, wala po iyon, Tita,” aniya, bumaling dito, inayos ang salamin sa mata. “Si Caspian ho talaga

ang nakaisip nitong storytelling session para sa mga bata. Ako lang po ang na-hire niyang storyteller ngayon kasi namamaos pa 'to.” Itinuro ni Megumi ang katabing nakaakbay na sa kanya.

Napatawa ito. “Bakit hindi mo sinabing sa ending ng kwento, eh, magpapakasal talaga ang prinsipeng prinsesa?” malambing na pagmamaktol ni Caspian. “Dapat sinabi mo iyon sa mga bata, iyon ang happy ending!” Binigyang-diin ng binata ang huling linya.

Tahimik lamang na napatawa si Megumi. Hindi niya alam kung bakit sa pitong taong lumipas, hindi pa niya alam kung ano ang idudugtong sa kwento matapos ang misyon niya sa Planet Earth.

“Talaga bang pupunta ka ng Amerika?” kunot-noong tanong ni Megumi, sipsip ang milk drink sa karton.

Nagpapatulong siya ng assignments niya sa Chemistry kay Caspian. Magaling ito sa Science. Kwento nito, bata pa lang ay gusto na nitong matulad sa mama nito, isang espesyalista sa puso. Hawak naman niya ang project nito sa English, kailangan nitong gumawa ng book report tungkol sa isang nobela.

Marami nang nagbago sa kanila, hindi na ito ang dating batang may hawak ng light saber, hindi na rin siya ang batang may hawak ng librong *Narnia*. They grew up well, and it seemed that everything was matching perfectly well with their world.

“Isang linggo lang naman,” nakangiting alo ng binata, “huwag ka nang magselos. Nakapagpaalam na ’ko sa mga teachers, special exams na lang ako sa finals. Pangako, hindi kita ipagpapalit sa mga blonde doon!”

“Alam mo, Caspian,” ani Megumi, inirolyo ang mga mata, “kahit ipagpalit mo na ’ko, okay lang,” nakangiti lang niyang dugtong.

Napatigil sa pagsusulat ang kaharap sa lamesang iyon, iniyuko ang ulo at tumitig sa kanya. “Bakit, may iba ka bang gusto?”

Nagitla siya. Alam niya sa sarili na may espesyal ngang atensyong ibinibigay sa kanya si Caspian, na higit pa sa ibinibigay ng isang kaibigan. Iyon ang hindi niya maintindihan, kung bakit bata pa lamang sila ay malapit na ito sa kanya. Simula nga nang dumilat siya matapos ng gabing iyon sa pagsugod sa kanya ulit sa kuwarto ay natagpuan niya ang batang may light saber na umiiyak sa gilid ng kama niya. Sorry ito nang sorry, at sinabing hindi na siya

ipapahamak. Nangako itong magiging prinsipe niya, na ilalayo siya sa lahat ng kapahamakan.

Ang inosenteng puso niya ay nagulat lamang noon, at hindi naman naging mahirap sa kanya ang bumuo ng pagkakaibigan sa binata sa paglipas ng panahon. She'd come to believe that they had a unique and special kind of friendship, almost like a dream.

Nagpakawala lamang siya ng tawa, ginawa iyon upang hindi mangulit si Caspian. Tinapik-tapik niya ang pisngi nito ng dulo ng ballpen niya.

“Siyempre, p’ano pa ako magkakagusto sa iba, eh, bantay sarado ako ng best friend ko?” Ngumiwi siya. “Nga pala, pupunta ka ng Amerika dahil doon ang venue ng kasal ni Tita Viola?” gulat na kumpirma niya. “Bakit ngayon ko lang ’ata narinig ’yan, ha?”

Napakibit-balikat si Caspian. “Dahil ayokong pag-usapan.” Tumikhim ang binata, naningkit ang mga mata. “Ayokong magpakasal siya kay Tito Lance. Alam ko ang ugali ni Tito Lance, at ayoko ring maging kapatid si Michael. Pero wala na ’ata akong magagawa.”

“Michael?” ulit ni Megumi. Parang may pumitik kasi sa bumbunan niya, may gustong maalala ang

utak ngunit hindi niya maarok.

“Siya ang batang si Aslan sa kwento mo,” supply ni Caspian. “Isang beses mo lang ’ata siyang nakita, matagal na iyon. Nagpunta iyon ng Amerika kasama ng stepmom niya, doon sila nanirahang mag-anak. Direktor dati ang papa ni Michael sa hospital, ngunit pinalitan ng isang kapatid nito. Hindi ko naman alam na may ugnayan pa rin si Mama sa Tito Lance na iyon.

“At ngayon, balita’y magre-resign na raw ang General Director ng hospital, papalit ulit si Tito Lance. Dito ulit siya titira sa Pilipinas kasama na namin...” resigned na pahayag ni Caspian na mukhang ayaw na ayaw sa ideya. Napatitig ulit ito sa kanya.

“Pero bakit sa Amerika pa sila magpapakasal, kung babalik din naman dito ang mapapangasawa sabi mo ng mama mo?” pagtataka ni Megumi.

Nadinig ng stadium ang maugong na pito, dahilan upang magkagulo at mapataas ang ulo ng mga nakatunghay sa finals ng football sa *Texas High School* field.

Sa isang banda ng offense team, nakaposisyon na si Michael, running back ng eskwelahan nila. Nakaposisyon na sa unahan si Willie Austin, ang

quarterback ng team na siyang tatanggap ng bola mula sa center, na nakikipag-agawan na noon ng bola. Kung papalarin, itatakbo ni Willie kay Michael ang bola, at itatakbo pa niya sa kahabaan ng forty-yard lane. He'd be optimized for a rushing play, at hangga't hindi naba-block ay matagumpay niya dapat na maipasa sa isang wide receiver, hanggang sa mai-goal ang bola.

Nagtilian ang mga tao.

Kumakabog ang dibdib ni Michael. Junior pa lamang siya sa sistema ng edukasyon ng Amerika. Katumbas ay senior high school student sa Pilipinas, papa-graduate na sana. Mas lumisto ang paningin at ipinustura niya ang sarili, matagumpay na naipasa nga ng center sa quarterback nila ang bola. Kabilaan sa field ang pananalasa ng defense.

Michael was heaving. Ilang buwan din ang training at praktis nila. Sa team nila, siya lamang ang may dugong Pinoy. Naghiyawan ang mga nanonood, papalapit na sa kanya si Willie.

Isang segundo pa, nang mabitiwan nito ang bola, narinig ni Michael ang pahabol na tilian nang masalo niya iyon.

For a minute, his soul seemed to have flown away,

like a free bird. May isang nasa kampo ng depensa na humahabol sa kanya at nagba-block, ngunit sadyang maliksi siya. Matapos ang isang oras, natagpuan ni Michael ang sariling nakikipagbunguan ng helmet at shoulder pads sa ilan pang depensa. Tumatakbo ang oras at naungusan na sila ng isang puntos ng kalaban. Kailangan nilang makahabol!

Matapos ang isang nakakabinging tili mula sa isang kick na idinaos ng ka-team nila ay napasadsad sa lupa si Michael sa sobrang tuwa. Sa huli, sa pagkalabit ng huling segundo ng laro, nagawa nilang umungos ng puntos sapat lamang upang tanghaling panalo.

Alam ni Michael na bukas ay mawawala na ang lahat sa kanya. Kaya sa puntong iyon, hindi niya napigilang sabihin sa sarili na iyon na ang pinakamasayang araw sa buhay niya.

Pagdating ni Michael sa bahay, naabutan niya ang stepmom sa kuwarto, ineempake na ang mga gamit nila. Ibinaba niya ang sports bag niya sa couch. Gusto sana niyang sabihing nanalo sila sa finals ngunit hindi niya ginawa.

Mga siyam na taon siya noon nang magkahulugan

ang papa niya at si Mommy Cassandra, sa isang party na idinaos sa hospital kung saan dating direktor ang kanyang ama.

Taliwas sa nasasagap niya noon, wala palang namamagitan ug nayan kay Tita Viola—kilalang espesyalista at doktor sa hospital ng lolo niya—at sa kanyang papa.

Dumalo si Cassandra sa party dahil staff ito dati sa hospital at naimbitahan ng mga former colleagues nang magbakasyon ito sa Pinas.

Pagkatapos ng isang taon, sumunod sila rito ng papa niya sa Amerika. Doon ito ikinasal kay Cassandra.

Ang sabi ng iba ay mahal na mahal ni Lance si Cassandra upang iwan ang posisyon nito sa hospital at piliing makipagsapalaran sa Amerika kasama ng babae.

Noong una ay ipinagpasalamat ni Michael ang pagbabago sa buhay niya. Nagkaroon siya ng maalaga at sobrang bait na ina at mukhang lumambot kahit paano ang pakikitungo ng papa niya sa kanya. Pero matapos ang pitong taong maalab at halos perpektong pagsasama ay muling naunsiyami ang akala niya ay masaya na sana niyang buhay. Nagdesisyong

magdiborsyo ang stepmom niya at ang kanyang papa.

May ibang karelasyon si Cassandra na itinago nito nang halos apat na taon sa kanila.

“I’m sorry, Son...” Nilingon siya ni Cassandra mula sa pagliligpit ng huling gamit. “For taking you away from your father.” Ipinatong nito ang bagahe niya sa kama.

His once lively and boyish room was empty now. Wala na ang mga sports medals at trophies na dating nakahilera at naka-display.

Bukas, pagkatapos ng kasal ng papa niya ay sasama na siya kay Cassandra sa Oregon. Naroon ang bahay ng bago nitong kinakasama. Nang papiliin siya ng papa niya kung kanino siya sasama, pinili niya ang madrasta. Naintindihan siya ng ama, alam nitong may galit at pagdaramdam pa siyang kinikimkim dito.

Lance has never been a good father no matter how he tried. At isa pa, bakit siya uuwi sa Pilipinas? Ano pa ang babalikan niya roon?

Ang karangyaan? No. His life here was fine. It was more normal. At bakit makikisawsaw pa siya sa bagong pamilya ulit ng papa niya?

Again, thanks, but no.

Kahit hindi niya kadugo ang stepmom, ipinadama nito sa kanya na anak siya nito.

Pero magkakaroon ka naman ng kapatid sa bago mong pamilya, 'yung anak ni Tita Viola. Natatandaan mo pa ba? Ang prinsipeng.

Napatigil siyang bigla nang maalala ang detalyeng iyon. Ngayon lang niya naalala ulit ang batang iyon. Si Caspian.

“Naku, Hijo, talagang napagdesisyunan namin ni Lance na dito idaos ang kasal, para makita ka naman namin at makasama ka sa entourage. Mahalaga iyon. Naikuwento nga nitong si Lance na hindi ka na daw sasama at uuwi sa Pinas. Eh, sayang naman. Pero naiintindihan namin. Siyanga pala, congrats sa pagkapanalo ng team n’yo sa football, ah?”

“Masyado kaming busy nitong si Caspian, pero ang pangungulit nga nitong batang ito ay dapat kaming pumunta sa eskwelahan mo kahapon. Naku-curios at gustong makakita ng American football nang live...”

Hindi pa nagsisimula ang kasal sa maliit na church na iyon. Siya ang unang bisitang nilapitan ng bride. Gusto sana niyang sabihin sa babaeng

namumukhaan pa niya ito. Lamang, pinigil ni Michael ang dila dahil baka masabi niyang may pakiramdam siya na kaya sa Amerika ito piniling pakasalan ng papa niya ay para madali rin itong maidiborsyo.

Nag-wave sa kanya ang isang binatang halos kasing-tangkad at kasing-edad niya. Naaalala niya ang mukha nito, naaalala niya ang sipunin at luhaang mukha nito sa isang bench isang gabi habang magkatabi sila.

Pinangakuan ni Michael noon ang bata na hindig-hindi na siya makikipaglaro rito at hindig-hindi na siya susunod sa anumang utos nito kahit matalo pa siya sa espa-espadahan nila.

“Hello, Aslan...” nakangiting sabi ng kaharap, inilahad ang palad. He was asking for a handshake.

It felt like they met again for a reason.

“Mahirap ’to sa ’kin, Pare, doble. Pero siguro para sa iyo ay triple ang hirap nito, ano?” tila wala sa sariling pahayag ng lalaking katabi niya sa upuan.

Napasulyap siya rito. Wala siyang planong makipagmabutihan sa bago niyang kapatid, pero ngayon lang napagtanto ni Michael na marahil ay

may karamay siya sa pagkadismaya sa sitwasyon.

“I grew up without a father, you know...” kikit-balikat nitong sabi. “This is new to me.”

“I grew up with a father. I think you well know the difference,” tipid ang ngiting sabi niya. Naalala niyang alam ng katabi ang dahilan kung bakit may ice pack siyang hawak sa labi ilang taon ang nakakaraan.

“Why don’t we be friends? I mean, hindi naman natin mapipilit iyon, pero sa tingin ko hindi na tayo mga bata, hindi na ’ko si Caspian at hindi ka na ’yung batang alagad ni *White Witch*...” He flashed a calm and open smile.

“Actually, magkapatid na nga tayo, Bro,” aniya, tinapik ang balikat nito.

Sabay na nag-echo ang kanilang tawa sa gitna ng seremonyas ng kasal, na sumorpresa rin sa kanila.

“Kung magbago man ang isip mo, Pare, one call away lang kami sa Pinas,” pahabol ni Caspian.

Napatango lang siya. And it somehow felt that this guy could be his best friend. Wala siyang maituturing na best friend sa Amerika. Minsan ay naa-out of place pa rin siya. But immersed in different sports, hindi na niya masyadong inintindi na kailangan din niya

ng tapat na kaibigan.

“Do you want to watch the *Super Bowl* live?”

Napamulagat ang katabi. Tinanong kung seryoso ba siya.

Tumango si Michael. “Don’t worry, the school bus will take us there. Just a little something for the team,” supply niya.

“Hindi talaga ako mahilig sa sports, pero minsan napapatingin ako sa sports magazine para sa *Pittsburgh Steelers*. Pero huwag kang mag-alala, Pare, pag bibisita ka sa Pilipinas, iiikot kita, lahat ng laro plus *PBA!*”

Nagtawanan ulit sila.

Isang araw bago ang flight ni Caspian pabalik sa Pilipinas, he and Michael bonded like long-lost brothers. Sa loob ng isang linggong ipinamalagi ng bagong kapatid sa Amerika ay tila nagbalik sila ulit sa pagkabata.

As always, Caspian was reserved, while Michael was wild and free.

Sa pag-uwi ay sakay silang tatlo sa convertible ng

quarterback na si Willie. Lasing silang lahat dala na rin ng impluwensya ni Willie. Habang humaharurot ang kotse ay inilabas ni Caspian ang isang litrato.

Litrato ni Megumi na hinahampas ng hangin. Itinuro ng daliri nito ang mukha sa larawan at inilapit iyon sa mukha ni Michael, dala siguro ng kalasingan. Sinabi ni Caspian sa kanya na iyon ang babaeng pakakasalan nito, wala nang iba.

Napatawa lamang siya, pero napukaw ang memorya niya sa isang gabing malabo na sa kanya. Hindi na niya halos maalala ang mukha ng batang babaeng iyon...

Nang mabitiwan ni Caspian ang litrato, dumapo iyon sa dibdib ni Michael. Tatanggalin at ibabalik niya sana iyon sa kapatid nang umiging ang nakakabinging sigaw sa kamalayan niya. Nagising na lamang siyang nakatihaya sa gilid ng isang nakatimbuwang na kotse, nasa palad niya ang isang litrato. Ang litrato ng nakasalaming dalaga na tuwid ang buhok. Si Megumi.

3

Kung pasasagutin ng slam book si Megumi, ito marahil ang mga sagot niya in essay format: *Megumi Israel, iyan ang buo kong pangalan. One fourth-Japanese ako, iyon na ang sagot kung bakit Megumi ang pangalan ko. Ang mama ko talaga ang half-Japanese. Aya ang pangalan niya. Mas singkit ang mga mata niya sa akin. Si Papa ko, isang half-Bicolano at half-Manileño. Negosyante silang dalawa. Nasa car rental business si Papa, at may mangilan ngilan ding taxi. Nag-iisa akong anak.*

Hindi ko alam kung bakit maliit pa lang ako nakasalamin na ako. Wala pa rin akong balak magpa-contact lens. Ang asset ko? Siguro ang kutis ko, saka ang buhok ko.

Minsan, pag tinatanong ko ang sarili ko kung ano ang gusto ko sa buhay, wala akong masagot. Minsan kasi dumadating iyong pangamba na baka gulatin na lang ako ng puso ko, baka tumigil siya bigla sa pagtibok. Saka ko ba itatanong sa sarili ko, para saan pa ba ang lahat ng pangarap ko? Pero gusto kong gumawa ng kwento para sa mga bata. Tulad na lang ni C. S. Lewis na sumulat ng Narnia.

Stardust In Her Heart - Autumn Castillo

I wished that all kids would have a happy and magical childhood, tulad ng naranasan ko, kahit pa may sakit ako.

Siguro nga tama si Caspian. Magiging children's book writer ako.

Hmm. Who is my crush? Nagtataka ako kung bakit Senior na ako sa high school ngayong taon, eh, wala pa rin akong maisagot diyan. Siguro nga si Caspian, pero nagdududa pa rin ako. Kumbaga sa test question, hindi siya multiple choice; blank line lang ang meron.

Si Caspian lang yata ang matino sa eskwelahan namin. Pero sabi ko nga, di ba? Best friend ko iyon.

May limang buwan na rin akong walang balita sa taong iyon. Saan na ba iyon inilagay ng kapalaran?

O, ito naman: What is love?

May epic akong sagot diyan, pero kinopya ko lang: Love is like a screwdriver, paluluwangin ang turnilyo ng utak mo.

Kita n'yo na? Hindi naman talaga melodrama itong buhay ko.

Answer ko nga sa favorite quote ko ay ito: Happiness depends upon ourselves. Kanino galing? Kay Aristotle.

Matitigil ang tahimik na pagsasagot ni Megumi sa mga tanong at mapapatingin siya sa mga kaklaseng parang mga bubuyog na nakaamoy ng nectar.

Ngunit dahil sa personalidad niya, babalewalain niya ang buzz na nililikha ng mga ito.

“Ang guwapo niya! Tingnan n’yo! Papalapit na talaga siya sa main entrance ng building ng Seniors!”

Mapapalingon si Megumi, kukunot saglit ang noo. Iniisip niya ang sinabi ni Tita Viola sa kanya kahapon nang mapadaan siya sa hospital. Tinanong niya kung nasaan na ba si Caspian. Sinabi nitong baka raw sa Amerika na magtapos ng pag-aaral ang kaibigan niya.

Parang hindi yata tama iyon. Dapat ay inabisuhan man lamang siya ni Caspian. Napaka-unfair nito. Nawili ba ito sa kung sinong blonde doon? O ganoon ba talaga kaganda at kalayo ang Amerika sa Pinas? Normal lang naman siguro kung makadama siya ng tampo, di ba?

“Who is he?! Gosh!” Halos tumili na ang isa niyang kaklase, si Savannah, na ang goal ngayon taon ay maging prom queen. “He needs to enter our room! He just jumped out of a sportscar!”

Nagtanguan ang lahat ng mga bubuyog.

Una si Megumi sa mga napalisto nang pumasok na ang isang matandang babaeng nakatali ang buhok sa isang tight bun.

Mukhang istrikta yata ang guro nila sa first period, ah! Napatikhim ang guro, at matagal na katahimikan ang namutawi sa silid nila. Maririnig ang background na mga yabag na galing sa di-kalayuan.

Napayuko sa notebook niya si Megumi, binuklat-buklat iyon. Sa unang pahina ng blanko niyang notebook, sa gilid, naka-drawing doon ang isang leon.

Itinaas niya ang ulo ulit nang madakip ng tainga ang huling yabag ng paa sa tapat ng pintuan ng silid nila. Nadinig niya ang mumunting pagsinghap ng mga kaklase niyang babae.

“Class, bago natin simulan ang klase, nais ko munang ipakilala sa inyo ang bago ninyong kaklase. He’s a transferee from abroad. Right, Mr. Del Cielo?”

Yumuko ang lalaki.

Hindi alam ni Megumi kung sinadya nitong itapat sa pagtaas ng ulo at mga mata nito ang sulyap sa kanya. Natigilan siya, may pumitik sa alaala niya nang magtama ang mga paningin nila ng lalaki.

His face seemed so familiar. Saan nga ba niya ito nakita noon?

“Hi, everyone. I’m Michael Del Cielo. Sana’y maging magkaibigan tayong lahat,” usal nito sa deretsong Tagalog.

Nahagip niya ang pagkisay ni Savannah sa harapan niya, napailing na lamang si Megumi.

Tinanong ng guro kung saan gustong umupo ng bago nilang kaklase. Dahil late na naman si Basti—ang since first year niyang seatmate—ay dalawa lang ang bakanteng upuan: upuan sa tabi niya at upuan sa tabi ni Savannah.

Naka-reserve para sa late nitong best friend na si Fiona ang upuan sa tabi ni Savannah. Sa panlalaki ng mga mata ng lahat, itinuro ng Michael na iyon ang katabing silya niya!

“P-pero...” singhap niya, at halos mawalan ng hangin nang dahan-dahang maglakad ang lalaki sa direksyon ng upuan sa kanyang tabi.

“Ma’am!” hirit ni Savannah. “Nag-text po si Basti kay Megumi. Di ba nag-text siya?”

Napatango-dili siya, hindi malaman kung makikiayon sa plano ng kaklase, sa huling segundo

ay mas inindayog niya ang ulo sa pagtango.

“O-opo, i-reserve ko daw po ’yung u-upuan niya...”

“Kung ganoon ay puwede siyang i-reserve d’un sa isa. I can sit here,” suwabeng salo ng lalaki, itinuro ulit ang silya sa tabi niya.

Mas dumoble ang panlalaki ng mga mata ng mga kaklase, at animo’y nasabuyan ng malamig na ice-shake sa mukha si Savannah. Isang segundo pa, bago siya maka-react ulit ay nakapuwesto na si Michael sa kanyang tabi. Inilagay nito ang bag sa sariling desk, sumulyap sa kanya at ngumiti.

“May problema ba, mahal na prinsesa?”

“A-Aslan?” singhap niya, at unti-unti ay nanlaki rin ang mga mata.

Hindi ito sumagot, sa halip ay ibinalik nito ang tuon sa blackboard. Nagsimula na ang pagtalak ng guro, at hindi niya mapigilang mapabalik ng sulyap sa katabing hindi na siya pinansin ulit buong maghapon.

Kalaunan, napagtanto ni Megumi na ang katabi niya ay walang iba kundi ang bagong kapatid ni Caspian. Naikuwento na ito minsan sa kanya ng best friend.

Si Michael.

“Teka!” habol niya sa bultong iyon nang mauna na itong tumayo pagkatapos ng Physics, ang huli nilang klase. “Hindi ba’t kapatid mo na si Caspian? I-ikaw si Michael, Michael Del Cielo, anak ng pinakasalan ng mama niya...” Inilingo ni Megumi ang ulo, sinigurong iilang kaklase na lang ang nasa silid nila. “Ba’t ka andito? Ano’ng nangyari kay Caspian? Talaga bang sa Amerika na siya magpapatuloy ng pag-aaral? Bakit nagkapalit yata kayo? I-ikaw naman ang sa Pinas? Ba’t hindi man lang siya umuwi o nag-call o nag-text?” deretso niyang tanong. Maging siya ay nagulat din sa walang preno niyang delivery.

Ngumisi lang sa kanya ang binata, isinabit ang sling bag sa balikat. Mataas ito, kasing-tangkad ni Caspian, pero mas matipuno at mas may dating ang tindig.

She knew in her that there was nothing average about this guy. Nang idako niya ang mga mata sa mga balikat nito, alam niyang kung sino man ang mabunggo nito gamit ang mga balikat na iyon ay mapapatimbuwang.

Tsokolate ang kulay ng mga mata nito, his short,

spiky hair was an attractive shade of copper. Parang bad boy ang dating, parang katulad ng nasa sports league. Ibang-iba ang aura nito kay Caspian. Hindi ito ang tipo na alam niyang makakagaanan niya ng loob. Masyado itong dominante.

“He didn’t tell you?” tanong nito, naniningkit.

“Na a-ano?” pagtataka niya. Inayos na rin niya ang kanyang bag. Magsisimba siya at ipapanalangin na sana ay maging maayos ang buong senior year niya lalo’t parang araw-araw niyang makakasama ang presensya ng Michael na ito. “Pakisabi na lang sa kanya na... na nagpadala ako ng sandamakmak na text sa number niya...” Tiyak niyang naghihintay na sa labas ang mga kampon ni Savannah sa paglabas ni Michael at ayaw niyang magmukhang nakikipaglapit sa binata.

Napanatili niyang matiwasay ang high school life niya. Dahil siguro piling mga tao lang at si Caspian ang kinaibigan ni Megumi. Kailangan niya iyong panindigan hanggang ngayong huling year niya.

“M-Megumi...” habol nito nang makatalikod siya. Napalingon siya ulit. “Maniniwala ka ba sa akin kung sasabihin kong muli akong ipinadala ng prinsipeng mo p-para bantayan ka muna? Para protektahan ka at ihatid ka nang matiwasay sa happy ending n’yo?”

Napanganga siya. Narinig niya ba iyon nang maayos?! May kumislap sa mga mata nito, at nadinig niya mula sa boses nito na parang hindi rin naging madali para rito ang sabihin iyon.

Like it'd been memorized for so long, and voiced out in relief.

“Ha?” reply niya na halos matimbuwang sa kinatatayuan.

“Caspian is fine,” nagkibit-balikat na tugon ng kausap. “Wala kang dapat ipagselos, he’s just preparing himself, para magkita ulit kayo...”

“Pero hindi naman ako nags—”

Hindi na niya naipagpatuloy ang sasabihin nang lapitan siya at akbayan ng bultong iyon.

Inilapit nito ang mukha sa kanya. “Mula sa araw na ito, ituring mo na ’kong proxy muna ni Caspian. Babantayan kita sa ngayon... Best friend?” Ngumiti ito.

Madalian niyang iwinasiwas ang brasong nakadantay na sa palibot ng leeg niya.

Nababaliw na ba ito?! Best friend?!

“Sabihin mo sa Caspian na ’yan na hindi ko

kailangan ng panibagong best friend!” kahol ni Megumi at inayos ang salamin.

Nagugulumihanan siyang napaatras, napakaripas siya ng lakad. Sinapo niya ang dibdib nang makalabas na siya ng gate, hindi maintindihan kung bakit bumilis ang tibok niyon.

That Michael must be crazy. May itinatago si Caspian. Alam niya, may itinatago ang lahat. Hindi siya tanga. Kailangan niyang malaman ang sikreto.

“Pupunta ka na naman ba ng hospital, Anak?” tanong ng mama niya nang mahagip siyang pa-exit ng malaking garahe na puno ng taxi at ilang for hire na van at kotse. “Hindi ba’t pumunta ka na kay Tita Viola mo kahapon?”

Walang nagawa si Megumi kundi mapatigil sa kinatatayuan niya, inayos ang pagkakasukbit ng sling-bag. Napatango lang siya, sinabing may schedule siya ng storytelling sa mga bata ngayon sa ward.

“T-tungkol nga pala sa pinag-uusapan naming transplant—”

Kumunot ang noo niya. “Mama, huwag na po muna nating pag-usapan...”

Napatigil ang mama niya, lumamlam ang mukha, para bang nasampal niya ito nang hindi sinasadya. Alam niyang papalubha na ang kalagayan niya, prueba ang palagian at bawat taon ay pagdaldas ng paninikip ng kanyang dibdib. Ang sabi ng Tita Viola niya, makakayanan pa raw ng puso niya ang pagtibok hanggang mag-twenty-four siya, pero mas mainam daw na maiproseso siya para sa isang transplant, kung gusto pa niyang mabuhay nang higit pa sa deadline ng sarili niyang puso.

“A-ayaw mo bang mabuhay kahit para lang man sa amin, Anak? Iyon ang dahilan kaya nagsisikap kami, di ba?” may pagdaramdam na usal ng mama niya. “Ang transplant lang ang tanging paraan para makasama ka namin nang mas matagal pa...”

“Mama, alam ko po...”

“Sinabi kasi sa akin na may puwede raw magbigay sa iyo ng organ. Malapit ka naman nang mag-eighteen...”

“Mama...” mahina na lamang niyang usal. Hindi marahil maiintindihan ng kahit sino ang dilemma niya.

Oo, gusto niyang mas mabuhay pa, sino ba ang hindi? Pero sa likod niyon, nakaantabay rin ang takot

sa pagkakawalay niya sa totoong puso niya. Kung papayag siya sa transplant, ibang puso na ang titibok sa loob niya.

Nasabi niya kay Caspian minsan na may isang hiling siya sa buhay bago siya pumayag sa transplant: gusto muna niyang maranasan kung paano umibig gamit ang sarili niyang puso.

Kapag nangyari na iyon, siguro malaya na niyang maipagpapatuloy ang buhay gamit na ang bago niyang puso. Kahit pa nga ba may depekto itong puso niya, gusto niya itong handugan ng isang matamis na alaala, bago man lang mawalay sa kanya.

Ipinangako niya kasi sa mga magulang na papayag na siya sa isang transplant sa ikalabing-walong kaarawan niya.

Inilapag ni Michael ang sling bag niya sa kuwarto—kuwarto iyon ni Caspian. Madilim na nang makauwi siya, naglibot-libot pa kasi siya sa bago niyang eskwelahan. Pinanood niya ang mga malayang nagpa-practice ng soccer sa malawak na field.

Ang soccer ay isang klase ng football, halos magkahawig ang rules sa nilalaro niya na kung

tawagin ay gridiron o American football. Halos mag-a-anim na buwan na simula nang magbalik-Pilipinas siya.

Simula nang kaligtaan niya muna ang sarili bilang si Michael, tila natagpuan niya iyon na nasa ilalim na naman ng kaparusahan ng isang prinsipeng may pangalang Caspian.

Ngayon nga, para siyang batang walang magawa kundi sumunod sa lahat ng ipag-utos at hingin ng prinsipeng. Nasa ilalim siya ng isang mahika.

Naalala niya kanina ang ginawa niya kay Megumi.

Damn, he felt rotten guilty. At malaking pagtitikis ang kailangan niya para magawa lang ang misyon, kahit pa ayaw na ayaw niya.

Sinuklay niya ng kamay ang buhok. Wala pa siyang beinte años, pero pakiramdam niya, may pasan-pasan na siyang mundo na gusto lamang siyang saktan parati. Tinawid niya ang pagitan ng kama at ng isang lamesang malapit sa bintana. Sa dingding na kinasasandalan ng mesa, nakakabit ang isang maliit na cork board, nakakabit doon ang mga litrato ni Caspian kasama si Megumi... at isang coupon bond na hinding-hindi makakalimutan ni Michael.

Naroon ang sulat-kamay ni Caspian, isang sulat

ng bata na naka-address sa pangalan niya.

Michael, umpisa ni Caspian doon.

Sa ibaba naman ng board na iyon, nakapatong sa lamesa ang isang malaking globo. Katabi niyon ang isang makapal na Biology book. Sa ibabaw ng libro ay may isang manipis na envelope, naglalaman iyon ng isang sulat.

Isang sulat na nabasa ni Michael at siyang dahilan kung bakit nasa buhay siya ni Megumi ngayon. Dahilan kung bakit kailangan niyang paibigin si Megumi. Dahilan kung bakit kailangan niyang maging first love ng dalaga.

4

Ilang araw nang hindi talaga uma-attend ng klase ang seatmate niyang si Basti. Kalaunan, nalaman nilang nag-transfer na ito sa Cebu. Tuloy mukhang sa ayaw niya o sa gusto, magiging seatmate niya itong si Michael nang buong taon!

Physical Education ang class nila ngayon. Magulo na sa classroom ang lahat habang inaayos ang mga gamit. Ang iba ay galing na sa comfort room at bihis na ng PE uniform, ready na papunta sa labas, para sa track and field session.

Nanatili si Megumi sa upuan, tahimik lamang na pinagmamasdan ang lahat.

“Hindi ka pa ba magbibihis?” pukaw sa kanya ng katabi, na ngayon ay naka-PE get-up na.

Binalingan niya ito, sinabing hindi na siya nagdala ng uniform dahil aatasan lang naman siyang maging timekeeper ng PE teacher nila.

“Bakit? May favoritism ba dito?” nakangising tanong ni Michael.

“May sakit ako,” matipid lang niyang sagot,

nasulyapan ang bahagyang pagtaas ng kilay ng kaklaseng si Savannah na kanina pa nagsusuklay ng buhok.

Teka, kailangan pa ba niyang magpaliwanag? Hindi man lang ba ito nakwentuhan ni Caspian?

“May sakit siya sa puso, kaya hindi siya puwedeng sumali sa mga extreme sports at laro-laro, tulad na lamang ng cheerleading,” sabat ni Savannah.

Gustong mapasimangot ni Megumi at ipamukha rito na hindi na dapat nito ipangalandakan ang hindi niya kayang gawin. Sasabihin niya rin dito na para sa kanya ay hindi classified na sports ang cheerleading.

“Ah. Akala ko kasi sakit sa mata,” hirit ng antipatiko niyang seatmate.

Lumipad ang sasabihin dapat niya kay Savannah. Nakatitig si Michael sa mga mata niyang nahaharangan ng salamin. Hindi niya alam kung bakit napatayo siya nang wala sa oras. Naramdaman niya ang pag-iinit ng mga pisngi. Sa unang pagkakataon sa buhay niya, gusto niyang bumunghalit ng “*Shit!*”

Nakaposisyon na ang mga kaklase niyang lalaki. Inayos ni Megumi ang palda upang hindi ihipin ng

hangin. Hawak-hawak niya ang cell phone ng titser nilang si Mrs. Paulina, iyon ang timer na gagamitin.

Sariwa pa sa alaala niya ang ginawa ni Michael matapos siya nitong laitin kanina.

Nakatayo na siya, sasabog na ang turnilyo ng utak niya. Sa panlalaki ng mga mata ni Savannah at ng iba pang nasa classroom ay nilapitan siya ng binata at mabilis siyang inakbayan.

“Biro lang!” Tumawa pa ito. “Ikaw naman o. I think you’ve got the most beautiful eyes and the strongest heart.” Kinindatan siya nito. “Pag nanalo ako sa mamaya sa lapse record, sabay tayo magmerienda, ha?”

“A-ano?” nganga niya.

“Didn’t I tell you? Inihabilin ka ni Caspian. Ako na muna ang best friend mo,” usal nito habang akbay pa rin siya.

Nang pakawalan siya nito, parang kasabay na nag-exhale ang mga kaklase niya. Nang lumabas na si Michael bitbit ang sports bag nito, mapagtanong ang mga mata ng lahat.

“Close kayo ni Michael De Cielo?” tili ni Fiona.

Huling lapse na ang tatakbuhin ng mga boys

paikot sa field na iyon. Hinigpitan ni Megumi ang hawak sa cell phone. Mananalo ba si Michael? Bakit parang kinakabahan siya? Puwede naman siguro siyang tumanggi sa imbitasyon nitong mag-merienda.

Pero snacks lang naman, Megumi, bulong ng isip niya. Ipinilig niya ang ulo. Ano ba kasi ang napasok sa utak ng Michael na 'to?!

Naghiyawan ang mga kaklase niya. Obviously, isa lang ang chini-cheer ng karamihan sa mga babae. Mula sa di-kalayuan, alam na kung sino ang llamado.

Lamang nang ilang pulgada si Michael sa mga kalaban, kaya't ito ang katangi-tanging tore sa mga nagtatakbuhan—at insert—may pinakamagandang body built—insert ulit—pinakaguwapo sa lahat ng seniors.

Nang mapaligon siya sa bleachers, natagpuan niyang may ilang juniors at sophies ding nakiki-tsismis. Mukhang isang linggo pa lang ay may uupo na sa matagal nang di-okupadong trono ng Campus Crush.

Pumito ang titser nila. Megumi pressed a button on the cell phone. Namangha siya sa nabasa sa timer.

Ang bilis niyang tumakbo!

Napahalukipkip tuloy siya. Seeing him with his chest heaving, habang namamawis at may nakalagay na ngiti sa labi, parang bumilis ang tibok ng puso niya. Nakadama siya ng pagkamangha. Pero nakadama rin siya ng inggit. She envied him for being able to run and fly so free.

Nahuli niya ang paglapit ni Savannah kay Michael, ngunit hindi ito pinansin ng binata. Sa halip, pawisan itong tumakbo sa kanya.

“Did you see that?!” tuwang-tuwa nitong singhap sa kanya. “Ako ’yung nauna!”

Napamaang lang si Megumi. Hindi niya ito pinansin. Hinawi lang niya ang bulto nito at ibinalik sa titser ang cell phone.

Mabilisan niyang lihim na pinapahid ang makukulit na luha mula sa mata habang naka-istambay sa seat na iyon sa canteen na lagi nilang inookupa ni Caspian. Nakakainis kasi ang hindi pa rin niya maintindihang atensyon ni Michael sa kanya. Saka nami-miss na rin niya ang kaibigan, dahilan ni Megumi sa sarili.

Caspian, ’asan ka na ba? Ba’t ipinadala mo ang kampon ni White Witch na nagpapanggap na si

Aslan?!

“Sa tuwing malungkot ka or nasa bad mood, gatas lang daw ang katapat mo, tama ba?” Sumulpot ang maliit na karton ng gatas sa harapan niya. At si Michael.

Nadama ni Megumi ang pagtitig ng ilang pares ng mata sa kanila. Surely, Michael would get this kind of attention kahit pa siguro hindi siya ang katapat nito.

“Bakit ba ang kulit-kulit mo? May problema ka ba?” Hindi niya inabot ang milk drink. Humalagpos ulit ang isang luha mula sa mata niya. “Tigilan mo na ’ko...” Naiinis na siya, oo, naiinis na talaga!

“I’m just befriending you. May problema ba d’un?” Nakakunot ang kaharap. Binuksan nito ang dalang *Gatorade*.

“Hindi pa ba malinaw sa iyo? Wala kang obligasyong makipagkaibigan sa ’kin.” Hindi na niya napigilan ang inis sa boses niya.

“Did I say it’s an obligation?” counter-reply nito, eyeing her. “Megumi, kung iniisip mong napipilitan lang ako, nagkakamali ka. Hindi lang ’to dahil sa sinabi ni Caspian na ako muna ang maging best friend mo. Gusto rin talaga kitang maging kaibigan. That

simple.”

“Fine. Hindi obligasyon. Pero hindi rin napo-proxy ang pagkakaibigan. Sabihin mo ’yan sa magaling mong kapatid!” Nang maawat ang luha ay tumayo na siya, kinuha ang bag at tumalikod.

“Nami-miss mo na ba siya?” pahabol ng lalaki.

“Best friend ko siya, malapit siya sa ’kin...” tugon niya na hindi lumilingon. Ramdam niya nang sundan siya ng makulit.

Michael was unnerving her. Hindi naman ito nagpapaka-dominante sa harap niya, but she felt uncomfortable kapag kasama ito, at hindi niya alam kung bakit.

“Kung ganoon, gusto mo ba siya? Mahal mo siya?”

Sa puntong iyon, wala siyang nagawa kundi lingunin ito. Sa kauna-unahang pagkakataon, nagpakawala siya ng munting tawa.

“Sabihin mo nga, Aslan kuno, ipinadala ka ba ng prinsipeng para maging espiya, ha?”

Natawa ito. Napahalukip si Megumi nang ilapit nito ang mukha sa kanya.

“Kung ganoon, hanggang kaibigan lang ba talaga ang tingin ng prinsesa sa prinsipe niya? Parang imposible ’yun,” nakangising hamon nito.

His eyes twinkled. Hindi niya talaga ito maintindihan. Pakialam ba talaga nito?!

“Pero ang sabi niya sa ’kin, para kasing hindi mo raw siya gusto. Iyon ang pakiramdam niya,” dagdag nito. “Lagi mo siyang binabasted. You have never fallen in love at hindi ka pa nagkaka-boyfriend. Right?” At inalis nito basta ang suot niyang salamin.

Her glasses left her eyes. Humalili ang larawang di-gaanong detalyado, pero naaaninag pa rin niya. Itinaas niya ang palad at nahagip ang malayang kamay nitong naroon pa sa hangin, hawak ang ninakaw nitong salamin. Pero mabilis nitong naiiwas iyong muli.

Half-blinded, she groped for her eyeglasses in mid-air.

“A-akin na!” maktol ni Megumi. Narinig niya ang munting tawa mula kay Michael.

“Maganda pala ang mga mata mo. You should stop wearing this geeky glasses,” turan nito.

Saglit siyang tumigil sa paggalaw. Pagkatapos

ay napatalon-talon siya, inaabot ang glasses niya ulit nang—“Pero kahit suot mo ito, maganda ka pa rin.” Ibinalik-suksok nito sa likod ng magkabilang tainga niya ang salamin. He patted her head. Inunahan siya nito ng lakad. Naiwan siyang nakanganga.

Nakatayo na siya sa salamin ng comfort room nila at sa kauna-unahang pagkakataon ay may kuryosidad niyang pinag-aralan ang sarili. Pag sinasabi niyang hindi siya maganda dati, lagi siyang chini-cheer up ni Caspian. Naniniwala naman siya. Tulad nga ng sabi niya, alam niya ang mga assets niya. Hindi siya insecure sa lahat ng bagay. Pero ngayon, hindi maintindihan ni Megumi kung bakit nakatulala siya sa tapat ng repleksyon niya.

Tinanggal niya ang kanyang glasses. Kung mag-contact lens kaya siya?

Ngak! Ba’t naman? Para kanino?

Ipinilig niya ang ulo.

Tuloy ang plano. Makikipagpalit na siya ng seat kay Savannah bukas! Bago pa man niya matukoy kung bakit hindi siya komportable kay Michael at kung bakit parang may kumiliti sa tiyan niya kanina nang sabihan siya nitong maganda.

Bola!

Eksaktong bumuka ang pintuan ng CR. Tamang-tama, si Savannah ang iniluwa kasama ng mga kampon nito. Nakasuot ito ng cheerleading attire, pawisan. Ipinustura ni Megumi ang sarili, kakausapin niya ito.

“Oh, it’s Megumi. The fragile girl, the flavor for all seasons,” suwabeng bungad pagbati ng naka-blond highlights na dalaga. Mas mataas ito ng dalawang pulgada sa kanya, Latina ang beauty nito. Lumapit ito sa sink, binuksan ang gripo, at naghugas ng kamay. “Ngayong wala rito si Caspian ay iba yata ang pinagkakaabalahan mo,” nakangising sabi nito.

Napaderetso sa cubicle ang tatlo nitong kasamahan, mukhang planong bigyan sila ng space.

Hindi na lang siya umimik. Sanay na siya kay Savannah. Noong first year ay minsan na rin siya nitong napagdiskatahan dahil kay Caspian. Mukhang nasa dugo lamang talaga siguro nito ang insecurity.

“Kung gusto mo, makikipagpalit ako ng seat sa ’yo. Bukas, seatmate mo na si Michael,” alok niya. Hindi siya ngumiti. Natigilan siya saglit, hindi alam kung bakit matapos sabihin iyon ay may isang parte sa utak niya ang parang gustong magwelga.

“A-are you sure?” gulat na tanong ni Savannah.

Tumango siya. Naglabas ito ng maugong na tawa, pagkuwa’y pinagtaasan siya ng kilay.

“Ano ako, trash bin mo?” Tumawa ito ulit. “You’re really weak, Megumi. Ba’t makikipagpalit ka ng silya sa ’kin? Para ma-please mo ’ko? Or are you uncomfortable because kahit ipinapakita mong ayaw mo, sa totoo lang naapektuhan ka niya?! Huwag mo ngang lokohin ang sarili mo. Hindi lang kita pinatulan kay Caspian dahil alam kong boring ang laro. Pero sa pagkakataon naman sigurong ito, makikipagbunuan ka na sa akin. Para exciting ang laro, di ba?” Ngumiti ito, pinatay ang gripo.

Napakunot lang siya ng noo. May topak ba si Savannah?! Lumabas na ulit ang tatlo mula sa cubicles.

“See you,” matamis na usal ni Savannah nang itapon sa trash bin ang paper towel na ipinantuyo sa kamay. Pinangunahan nito ulit ang mga kampon nito palabas ng CR na iyon.

Megumi was left breathless. Huli na nang masulyapan ang pagsara ng pinto ng CR. Narinig niya ang isang click. Tumalima siya at tinawid ang pagitan niya at ng pinto, ginalaw ang doorknob.

Ayaw. Ginalaw niya ulit, ngunit sa panlalaki ng mga mata niya, napagtanto niyang ini-lock siya ni Savannah mula sa labas!

Paanong nangyari iyon? Ang guards lang ang may lock at susi ng comfort rooms, at mamayang alas seis pa iyon, pag wala na talagang estudyante at para maiwasan ang mga kababalaghan at magic na nangyayari sa mga comfort rooms ng high school tuwing tapos na ang klase.

Hinigit niya ulit ang doorknob. Nakasara talaga. Nakadama siya ng takot. Nasapo niya ang dibdib nang magsikip iyon. “Tao po!” sigaw niya, “May tao po ba sa labas! Pakibukas naman po! Tao po! Palabasin n’yo ko!” hiyaw niya.

Ayaw niyang lubugan ng araw sa loob ng CR na iyon, ang dami pa namang horror stories na nakakabit sa lugar na iyon! Kinatok niya nang malakas ang pinto. Kinatok niya nang kinatok, sinipa niya sa puwersang kaya lang niya. Sa huli, napasalampak siya sa malamig na basang floor tiles. Nang may pumitik sa alaala ay agad niyang hinalukay ang sling bag niya. Pero sa panlulumo ay natagpuan niyang wala roon ang kanyang cell phone.

Napukaw si Megumi na tuyo na ang kanina ay basang-basang mga pisngi. She was scared, at hindi na niya alam kung ilang minuto na ang dumaan. Napatayo siya habang nanginginig. Kung may kinatatakutan man siya sa buong Planet Earth, iyon ay ang dilim. Apparently, ino-off din ang kuryente sa school buildings.

Nag-creak ang pinto, napatutok sa mukha niya ang liwanag ng flashlight.

“M-Megumi?” saad ng isang boses na pamilyar sa kanya, sumegway ng background music ang pagkahol ng isang aso, may isa pang flashlight na tumama sa mukha niya. “Guard, salamat, na-lock nga po dito ang hinahanap ko...” dagdag ng boses.

“Megumi?” Lumapit ang bulto sa kanya. “Hinahanap ka na ng lahat. Tumawag ang mama mo kay Tita Viola, tinawagan ako ni Tita. Buti nasa bahay na ’ko n’un. Tama ang kutob ko, nandito ka lang sa eskwelahan.” Puno ng relief ang boses, at may halo ring pag-aalala. Isang braso ang umakbay sa kanya, inaalalayan siya. “Megumi, okay ka lang?”

Kumalma ang kanina ay parang sasabog na puso niya. She took one step, ngunit napa-buckle siya sa tuluyang panghihina. Her face landed on a muscular chest, mainit at mabango ang dibdib na iyon.

“Ang kulit nga niyang boyfriend mo, Miss. Mabuti na lang at nilibot namin lahat ng sulok ng school. Hay, salamat naman sa Diyos,” add-on pa ng guard. “Sino naman ang nag-lock sa iyo dito? May mga kaaway ka ba? Aba’y isusumbong talaga natin ito sa office bukas...”

Hindi na siya nakikinig sa guard. Basta ang mahalaga, may kasama na siya sa dilim. Ikinapit niya ang mga kamay sa T-shirt ni Michael at walang inhibisyong napaiyak habang nakasubsob sa dibdib nito ang mukha niya. Michael’s free hand patted her head, habang wala sa loob na iniyakap nito sa kanya ang isa pang braso.

At tulad noon, nawala ang takot ni Megumi sa dilim habang hawak ng isang bata ang kamay niya, habang tinatakbo nila ang madilim na hallway. It felt the same.

After almost seven years, sila pa rin pala ang mga batang iyon. Si Aslan ang batang kasama niya ngayon, at wala dapat siyang ikatakot.

“Sinabi ko naman sa iyo, hindi ba?” Megumi could almost see his smirk. “Ipinadala ako ng prinsipal para protektahan ka,” bulong nito. “Aminin mo na kasi na kailangan mo rin ako, kailangan mo rin si Aslan.”